

KIAN Kumusta Kawasaki

Inilalathala sa wikang Ingles, Intsik, Korean, Espanyol, Portugal, Tagalog at madaling Hapon

Matatagpuan ang isyu na ito sa H P (<http://www.kian.or.jp/hlkwsk.html>) . :

Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki 〒211-0033, 2-2 Kizuki Gion-cho, Nakahara-Ku, Kawasaki-shi, Kanagawa-Ken
<http://www.kian.or.jp/> TEL:044-435-7000 Fax:044-435-7010 E-mail : kiankawasaki@kian.or.jp

Aplikasyon sa Shiei Jutaku ! Tanggapan na!



【Ang Shiei Jutaku ay】

- para sa mga mamamayang nahihirapan sa pag-upa, na may kaliitan ng kinikita upang makapanirahan ng mas mababang upa. Itinatag ang pabahay pang munisipalidad sa kooperasyon ng gobyerno at ng lungsod.
- Mayroong kwalipikasyon tulad ng pamantayan ng kinikita ang pagpapareserba rito o kahit nakatira na rito, di tulad ng sa pribadong paupahan.
- Walang bayad sa pondo o renewal fee, subalit may survey bawat taon para dito ikalkula ang magiging upa/bayad.

【Kwalipikasyon sa pag-aaplay】 (1)nasa tamang edad

(2)naninirahan at nagtatrabaho sa lungsod ng Kawasaki ng mahigit isang taon

(3)Hindi dapat lalagpas sa takdang buwanang kinikita

(4)sa mga nahihirapang makahanap ng tirahan at iba pa.



【 panahon ng pag-aaplay 】 Ang aplikasyon sa Kawasaki Shiei Jutaku ay tuwing Mayo(Spring), Oktubre(autumn) 2 beses sa isang taon ginaganap.

【Inquiry】 Kawasaki Housing Corp., public housing section, Municipal Housing management Div.

TEL 044 - 244 - 7578 <http://www.kawasaki-jk.or.jp/shiei/>

Seminar ng pagsulat ng 「 aplikasyon ng Shiei-Jutaku 」 sa mga Dayuhan

Sa mga nais mag-aplay sa shiei-jutaku ngunit hindi alam kung paano sulatan ang aplikasyon.

Tutulungan kayong sulatan ang form upang maari na itong isumite.

(May mga interpreter sa Ingles, Intsik, Korean, Portugal, Espanyol at Tagalog)

【Kailan?】 **Ika-28 ng Mayo (Sabado) 10 : 00~12 : 00**

【Saan?】 Kawasaki International Center 2F conference room

may reserbasyon!

【Dapat dalhin】 Dokumentong makakapagpatunay ng kinita nung nakaraang taon (genzen choshuhyo/witholding tax cert.slip o kaya ay Kazei shomeisho/Tax certificate)

【Kapasidad】 20 Katao (mamamayan ng Kawasaki/nagtatrabaho ng mahigit ng 1 taon) **libre**

【Aplikasyon】 Hanggang **ika-24 ng Mayo(Martes) Tumawag sa telepono o magsadya**

Pag-aaral sa Nihonggo Salon para sa mga mag-ina/mag-ama

* Tanggapan !Sa mga pwedeng sumali na nanay/tatay na may sanggol o maliit na bata *

◆Sa mga may anak na hanggang 2 taon gulang hanggang Abril 30,2016◆

Mga bagay na makakatulong sa bata ,halina't pag-usapan sa wikang hapon.Magtanong pag may nais malaman.。

【Kailan】 **Mayo 13~Hulyo 8tuwing Biyernes (9 beses) 10 : 00~11 : 30**

【Bilang】 Mag-ina/ama 10 pares

Libre

【Saan】 Kawasaki International center

【Pag-aplay】 Oyako Nihonggo Salon (Ms.Hamada)



Mail: nihongosaron@gmail.com o makipag-ugnayan sa Kawasaki International Association

Tel : 044-435-7000 Mail: kiankawasaki@kian.or.jp

Fureai Exchange meeting. Subukan magluto ng lutong Argentine !



[Petsa] Hunyo 11 E (Sabado) 11:00~14:30

Instraktor: Norma Agarihiga

[Lugar] Kawasaki International Center · cooking room

[Kapasidad] 20 katao (Pipiliin kapag lumagpas sa bilang ng aplikante) **5/27 (Biyernes) deadline**

[Halaga] 1,540¥(Sa mismong araw ang bayad.) ※ May titingin sa bata (mula 1 ~3 taon gulang)

[paraan ng pagsali] Mag-aplay gamit ang balikang postcard. 2 tao/aplikante ang pupwede sa 1 postcard

① Pangalan ng Kurso 「Argentine cooking」 ② Pangalan(2 pangalan ang isusulat kung 2 ang aplikante)

3.Address (Shi · Ku) ④ Contact no ./Telepono

Internasyunal na Pang unawa, Lecture sa Ingles

Medium advanced subject · Lectures sa pamamagitan ng Ingles/Q &A (walang interpreter)

Unang session, Mayo 14 (Sabado) Instraktor ; Mr. Duncan Edmond

Pangalawang session, Mayo 28 (Sabado) Instraktor ; Mr. Stephen Johnson

[Oras] Alin mang session ay 10:30~12:00

[Lugar] Kawasaki International Center

[Kapasidad] Bawat session 40 Katao

[Halaga] 2,050 ¥ (pre-payment para sa 2 session ay kailangang ifurikomi sa Post office ng isahan o kaya ay bayaran ng cash mismo sa International center.)

[Paraan ng pag-aplay] Ipadala sa pamamagitan ng balikang postcard ang aplikasyon.

Isulat ang ① Pangalan ng Kurso 「Global Understanding seminar in English」

② Pangalan ③.Address ④ Contact no ./Telepono ⑤FAX(Kung meron)

⑥Mail address(PC)

2016 International Festival in Kawasaki ·



Ang taon-taong ginaganap na “International Festival ay muling ipagdiriwang. Isang araw na danasin ,damhin ang saya sa fiestang ito.

Iba-ibang lahi ang makikita/magpapamalas. Halina`t makisaya.

[Kailan?] Ika-3 ng Hulyo (Linggo) 10:00~16:30 **[Lugar]** Kawasaki International Center

「Pagpapayo sa Kawasaki International Center sa mga Dayuhan」

Kapag may nais malaman, at may problema maaaring lumapit at sumangguni dito.

LIBRE

· Oras ng Kunsultasyon : (am 10:00~12:00, 13:00~16:00) Tel : 0 4 4 - 4 3 5 - 7 0 0 0

Wika	Araw
Ingles	Lunes~Sabado
Portugal	Martes · Biyernes
Korean	Martes · Huwebes

· Kawasaki Ward

Wika	Araw	Oras
Ingles	Una, Ikatlong Huwebes	pm 2:00~4:30
Intsik	Una, Ikatlong Martes	pm 2:00~ 4:30
Tagalog	Una, Ikatlong Martes	am 9:30~12:00

Wika	Araw
Intsik	Martes · Miyerkoles · Biyernes
Espanyol	Martes · Miyerkoles
Tagalog	Martes · Miyerkoles

· Asao Ward

Wika	Araw	Oras
Ingles	Una, Ikatlong Huwebes	am 9:30~12:00
Intsik	Una, Ikatlong Martes	am 9:30~12:00
Tagalog	Una, Ikatlong Miyerkoles	pm 2:00~ 4:30



* **Libreng Konsultasyon sa GYOSEI SHOSHI** (wikang Hapon) Lugar : Int'l.center 2F,Conference room

Petsa: Abril 17, Mayo 15 (Linggo) pm 2:00~4:00 (May reserbasyon sa Interpreter “may bayad”)